

Magsasara na ang mga Natitirang Sentro ng Pagbawi sa Sakuna sa Ika-29 ng Nobyembre sa Katapusan ng Panahon ng Pagpaparehistro

Release Date: November 24, 2023

Ang mga natitirang Disaster Recovery Center (DRC o Sentro ng Pagbawi sa Sakuna) ay permanenteng magsasara sa katapusan ng araw sa Miyerkules, Nobyembre 29. Itong petsa ay nagmamarka ng pagtatapos ng panahon ng pagpaparehistro para sa tulong sa sakuna.

Ang mga Lugar na Permanenteng Magsasara:

- **Lafayette County:** Sentro ng Komunidad ng Mayo, 150 Hilagang Kanlurang Kabilugan ng Komunidad, Mayo, 32066, 9 n.u. hanggang 5 n.h.
- **Madison County:** Kuwatro 693G, 705 Silangang Kalye ng Base, Madison, 9 n.u. hanggang 5 n.h.
- **Sentro ng Pagtanggap ng Pagpaparehistro ng Mobile sa Taylor County:** Sentro ng Palakasan ng Taylor County, 1685 US-19 S, Perry, 32347, 9 n.u. hanggang 5 n.h.

Ang tulong sa pagkuha ng tulong sa sakuna ay mananatiling bukas sa pamamagitan ng Linya ng Tulong ng FEMA, kung saan ang mga kinatawan ng FEMA ay nakahanda para sumagot sa mga tanong tungkol sa katayuan ng aplikasyon, ang proseso ng apela o iba pang katanungan na may kaugnayan sa sakuna. Ang mga nakaligtas ay maaaring tumawag sa Linya ng Tulong ng FEMA sa 800-621-3362 o maaari rin silang pumunta sa online sa disasterassistance.gov o gamitin ang [mobile app](#) ng FEMA para sa impormasyon tungkol sa kanilang mga aplikasyon. Ang linya ng telepono ay bukas araw-araw mula 7 n.u. hanggang 10 n.g. sa Silangang Pamantayang Oras. Ang tulong ay maaaring makuha sa maraming wika. Kung gumagamit ka ng serbisyo ng relay, tulad ng relay sa bidyo (VRS), naka-caption na telepono o iba pang serbisyo, maaari mong ibigay sa FEMA ang iyong numero ng telepono para magamit ang serbisyo.



FEMA

Page 1 of 2

Kung nagtamo ka ng pagkawala mula sa Bagyong Idalia at nakatira ka sa county ng Charlotte, Citrus, Columbia, Dixie, Gilchrist, Hamilton, Hernando, Hillsborough, Jefferson, Lafayette, Levy, Madison, Manatee, Pasco, Pinellas, Sarasota, Suwannee o Taylor, maaaring makatulong ang FEMA. Maaari kang maging kwalipikado para sa tulong pinansyal ng FEMA para sa pansamantalang tuluyan, pangunahing pagpapagawa sa bahay, personal na pagkawala sa pag-aari at iba pang walang-seguro na gastos na may kaugnayan sa sakuna. Ang huling araw para mag-apply ay Nobyembre 29, 2023.

Para sa pinakabagong impormasyon tungkol sa pagbawi ng Florida mula sa Bagyong Hurricane Idalia, bisitahin ang floridadisaster.org/updates/ at fema.gov/disaster/4734. Sundan ang FEMA sa X na dating kilala bilang Twitter sa twitter.com/femaregion4 at sa facebook.com/fema.



FEMA

Page 2 of 2